# MONKEYPOX

# Mga Madalas Itanong na mga Katanungan para sa mga Magulang

## Ano ang monkeypox?

Ang Monkeypox ay isang nakakahawang sakit na dulot ng monkeypox virus. Natuklasan ito noong 1958 nang lumitaw ang dalawang pagsilakbo (outbreak) ng isang sakit na parang bulutong tubig sa mga grupo ng mga unggoy na inaalagaan para sa pagsasaliksik. Ang unang kaso ng monkeypox sa tao ay naitala noong 1970. Bihira itong makita sa Amerika (US) o sa maraming iba pang bansa hanggang noong Mayo 2022.

Mayroong 2 uri ng virus ng monkeypox. Ang uri na kasalukuyang nasa Amerika ay hindi gaanong malala. Ang pinakakaraniwang sintomas ay pantal, na maaaring nauugnay o hindi sa mga sintomas na tulad ng sa trangkaso. Karamihan sa mga tao ay hindi nangangailangan ng pangangalaga sa hospital at gumagaling sa loob ng 2-4 na linggo. Mayroong magagamit na mga bakuna at panlaban sa virus (antiviral) na paggamot para sa monkeypox. Ang higit pang pangkalahatang impormasyon tungkol sa monkeypox ay makukuha sa:

- Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Los Angeles County Department of Public Health) (LAC DPH) monkeypox website ph.lacounty.gov/monkeypox
- Mga Madalas Itanong na mga Katanungan ng CDC tungkol sa monkeypox

## Ano ang mga sintomas ng monkeypox?

Ang mga sintomas ng monkeypox ay karaniwang nagsisimula sa loob ng 3 linggo ng pagkakalantad sa virus.

Ang pinakakaraniwang sintomas ay pantal na maaaring:

- Kasing-hitsura ng mga bukol, tagihawat, paltos, singaw, o langib. Ang impeksyon ay maaaring tumagal ng 2-4 na linggo hanggang sa ang lahat ng mga langib ay malaglag at ang mga bagong balat ay mabuo sa ibabaw ng mga sugat.
- Nasa o malapit sa ari (ari ng lalaki, bayag, labia, at ari ng babae), puwit (butas ng puwit), bibig, o iba pang bahagi tulad ng mga kamay, paa, dibdib, at mukha.
- Nakakalat sa buong katawan o maaaring limitado sa isang bahagi. Maaaring may ilang mga bukol o paltos lamang.
- Maaaring maging masakit at/o makati. Ang ilang mga tao ay may matinding pananakit, lalo na kung ang pantal ay nasa loob ng kanilang bibig o nasa puwit (butas ng puwit).

Ang mga tao ay maaaring magkaroon din ng mga sintomas na tulad ng sa trangkaso. Ang mga ito ay maaring lumitaw 1-4 araw bago o pagkatapos magsimula ang pantal. Kabilang sa mga ito ang lagnat/panginginig, namamagang kulani, mababang enerhiya, pananakit ng kalamnan, at sakit ng ulo. Hindi lahat ng nagkakaroon ng pantal ay may mga ganitong sintomas.

Karamihan sa mga taong may monkeypox ay gumagaling sa loob ng 2-4 na linggo.

Bagama't ang panganib para sa karamihan ng mga tao ay nananatiling mababa, sinumang nagkakaroon ng bagong hindi maipaliwanag na pantal o mga sugat sa balat ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang doktor. Ang mga tao ay pwede ring tumawag sa Sentro ng Tawagan ng Pampublikong Kalusugan sa 1-833-540-0473 (bukas araw-araw mula alas 8:00 ng umaga hanggang alas 8:30 ng gabi) kung wala silang doktor o seguro sa kalusugan.

Mas marami pang impormasyon tungkol sa mga sintomas ay makikita sa pahina ng LAC DPH na Mga Sintomas ng Monkeypox.

## Paano kumakalat ang monkeypox?

Ang monkeypox ay alam na kumakalat sa pamamagitan ng malapit, matalik at/o mahabang kontak, kabilang ang:

- Direktang kontak ng balat sa balat na may pantal, langib, o mga likido ng katawan mula sa taong may monkeypox
- Kontak sa mga bagay o tela na ginamit ng taong may monkeypox
- Kontak sa mga inilalabas ng palahingahan ng taong may monkeypox

Maaari itong mangyari mula sa:

- Pakikipagtalik at iba pang matalik na kontak, kabilang ang pakikipaghalikan, pagmamasahe, at pagkikipagyapusan
- Paghihiraman ng mga tela at bagay (tulad ng mga damit, sapin sa kama, mga tuwalya, mga laruan) na hindi pa nalilinis
- Matagal, malapit, at harapang kontak tulad ng pakikipag-usap nang napakalapit na harapan nang mahabang oras (mga 3 oras o higit pa)
- Nakatira sa bahay, nagsasalo ng kama, o nag-aalaga ng taong may monkeypox

Maaari itong maikalat sa iba ng taong may monkeypox mula sa oras na magsimula ang mga sintomas hanggang sa gumaling ang pantal, matanggal ang mga langib, at magkaroon ng bagong sapin ng balat. Karaniwan itong umaabot ng 2 hanggang 4 na linggo.

Maaaring maipasa ng isang buntis na may monkeypox ang virus sa kanyang ipinagbubuntis na sanggol sa pamamagitan ng inunan (placenta).

**Ang monkeypox ay hindi gaanong nakakahawa kumpara sa COVID-19**. Ang Monkeypox ay HINDI naikakalat sa pamamagitan ng karaniwang pag-uusap o sa paglalakad habang nilalampasan ang taong mayroon nito.

**Marami pa ring pagsasaliksik ang ginagawa ng mga siyentipiko kung paano kumakalat ang monkeypox, kabilang ang:**

- Kung maaaring maipakalat ang virus kapag ang tao ay walang mga sintomas,
- Gaano kadalas itong kumakalat sa pamamagitan ng mga inilalabas ng palahingahan, at
- Anumang iba pang uri ng mga pakikisalamuha o pag-uugali na maaaring mas maglagay sa panganib sa mga tao.

Tingnan ang ph.lacounty.gov/monkeypox para sa mas marami pang mga detalye at pinakabagong impormasyon.

## Paano nagkakaiba ang monkeypox at COVID-19?

Bagama't ang biglaang paglitaw na ito ng pagsilakbo (outbreak) ng monkeypox sa Amerika ay maaaring kabahabahala pagkatapos ng mahigit dalawang taong pamumuhay sa gitna ng pandemya ng COVID-19,

ang monkeypox ay hindi gaanong nakakahawa kumpara sa COVID-19. Ang pangkalahatang panganib sa publiko na magkaroon ng monkeypox ay kasalukuyang napakababa.

Ang COVID-19 ay isang bagong virus na unang naitala noong 2019. Ang monkeypox ay hindi na bago at napag-alaman na ito sa loob ng maraming taon.

Ang monkeypox ay hindi rin kumakalat sa kaparehong paraan tulad ng COVID-19.

- Ang pangunahing paraan ng pagkalat ng monkeypox sa panahon ng pagsilakbong (outbreak) ito ay sa pamamagitan ng malapit, matalik at/o matagal na kontak ng balat sa balat sa taong may monkeypox.
- Ang pangunahing paraan ng pagkalat ng COVID-19 virus ay sa pamamagitan ng maliliit na patak sa hangin na inilalabas, kapag tayo, halimbawa, ay humihinga, nagsasalita, bumabahin, o umuubo. Maaaring maikalat ng tao ang COVID-19 virus kahit na wala siyang sintomas.

Mayroon nang bakuna at panlaban sa virus (antiviral) na gamot para sa monkeypox.

Para sa mas marami pang impormasyon, bisitahin ang Monkeypox laban sa COVID-19 sa website ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health).

## Nanganganib ba ang aking anak na magkaroon ng monkeypox?

Hindi, maliban kung sila ay nagkaroon ng malapit, harapang kontak sa taong may monkeypox. Ang panganib ng mga bata na mahawahan ng monkeypox sa panahon ng pagsilakbo (outbreak) na ito ay napakababa. Kahit na may kaso sa mga bata na nangyari sa Amerika, ang mga ito ay napakabihira.

Ang mga bata ay nasa mas mataas na panganib na magkaroon ng monkeypox kung sila ay kasama sa tirahan ng taong may monkeypox, lalo na kung sila ay nagsasalo ng kama o iba pang mga bagay ng taong may impeksyon. Kung mayroon kang monkeypox o hinihinalang may monkeypox, gumawa ng mga hakbang para protektahan ang lahat na kasama mo sa iyong tahanan. Tingnan ang Mga Tagubilin sa Pagbubukod para sa mga Taong may Monkeypox.

Ang mga kabataan na pisikal na matalik/sekswal na aktibo sa iba o sa mga sitwasyon tulad ng mga salo-salo kung saan maaaring magkaroon sila ng kontak na balat sa balat ay mas mataas din ang panganib na magkaroon ng monkeypox. Lalo itong totoo kung ginagawa nila ang mga aktibidad na ito kasama ang mga taong kabilang sa mga grupo kung saan kumakalat ang monkeypox. Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang webpage ng CDC na Mas Ligtas na Pakikipagtalik, Mga Sosyal na Pagtitipon, at Monkeypox.

Ang impormasyon tungkol sa monkeypox sa mga bata ay limitado dahil ito ay napakabihira, ngunit may ebidensya na ang sakit ng monkeypox ay maaaring maging mas malala sa mga batang wala pang 8 taong gulang. Mas malala rin ito sa mga humina ang sistema ng imyunidad o may ilang partikular na kondisyon ng balat, gaya ng eksema.

## May mga opsyon ba sa pagsusuri para sa mga batang maaaring nahawahan ng monkeypox?

Oo. Kontakin ang iyong doktor kung sa iyong palagay na ang iyong anak o sinuman sa iyong sambahayan ay maaaring mayroong monkeypox. Pwede ka ring tumawag sa Sentro ng Tawagan ng

Pampublikong Kalusugan sa 1-833-540-0473 (bukas araw-araw mula alas 8:00 ng umaga hanggang alas 8:30 ng gabi) kung ang iyong anak ay walang doktor o seguro sa kalusugan. Kung ang iyong anak ay may bagong hindi maipaliwanag na pantal at sa tingin ng doktor ay maaaring dahil ito sa monkeypox, maaari nilang pahidin ang mga sugat. Ang mga ipinagpahid ay ipinadadala sa laboratoryo para sa pagsusuri.

Tandaan na ang mga pantal ay karaniwan sa mga bata at maaaring sanhi ng maraming iba't ibang bagay. Dahil napakabihira ang monkeypox sa mga bata, malamang na may ibang dahilan ang karamihan sa mga pantal. Kung ang pantal ay hindi mukhang monkeypox, maaaring hindi magsagawa ng pagsusuri ang doktor lalo na kung naghihinala sila ng ibang dahilan at/o ang bata ay alam na wala o hinihinalang pagkakalantad sa taong may monkeypox.

Para sa mas marami pang impormasyon sa pagsusuri ng monkeypox, bisitahin ang website ng LACDPH para sa Monkeypox sa ph.lacounty.gov/monkeypox.

## Mayroon bang mga opsyon sa paggagamot para sa mga bata na maaaring nahawahan ng monkeypox?

Oo. Kung ang bata ay nahawahan ng monkeypox, maaari silang gamutin. Maraming taong may monkeypox ang banayad ang sakit at gumagaling nang walang anumang ginagamit na gamot laban sa virus.

Mayroong medisina na panlaban sa virus na aprubado ng FDA na ginagamit sa paggamot sa bulutong na tinatawag na tecovirimat (o TPOXX, binibigkas na TEE-pocks) na maaaring magamit para gamutin ang mga taong may monkeypox. Ang mga virus na nagdudulot ng bulutong at monkeypox ay nagmula sa parehong pamilya ng mga virus, kaya ang gamot ay nakakatulong laban sa parehong sakit na ito.

Ang TPOXX ay maaaring ibigay sa mga taong may malalang monkeypox, kabilang ang mga sugat sa mga sensitibong lugar o pananakit na hindi nakokontrol ng mga remedyong nabibili sa botika nang walang reseta. Maaari din itong ibigay sa mga taong may monkeypox na mas malamang na magkasakit nang malala. Ang mga bata, lalo na ang mga wala pang 8 taong gulang ay maaaring nasa mas mataas na panganib na magkasakit nang malala kung sila ay magkaroon ng monkeypox.

## Ano ang mangyayari kung may kaso ng monkeypox sa paaralan ng aking anak o alagaan ng bata (childcare)?

Posible para sa sinuman na magkaroon ng monkeypox kung mayroon silang malapit, harapang kontak sa taong may impeksyon. Gayunpaman, sa panahong ito, ang panganib sa mga paaralan at mga lugar ng alagaan ng bata ay napakababa. Ang pag-upo lamang sa silid-aralan kasama ang taong may mga sintomas ng monkeypox ay may napakababang panganib ng pagkakalantad at pagkahawa.

Kung ang iyong anak na bata o kabataan ay natukoy na nalantad sa monkeypox sa paaralan, ang LAC DPH ay makikipagtulungan sa paaralan para magbigay ng patnubay kung ano ang susunod na gagawin para sa sinumang nalantad o maaaring nalantad.

Karamihan sa mga mag-aaral ay maaaring magpatuloy sa pagpasok sa paaralan at iba pang mga aktibidad na nauugnay sa paaralan kahit na sila ay nagkaroon ng malapit na kontak sa taong may monkeypox hangga't hindi sila nagkakaroon ng mga sintomas.

## Kailangan bang manatili sa tahanan ang aking anak mula sa paaralan o sa lugar ng alagaan ng bata kung sila ay nahawahan ng monkeypox virus?

Maaari itong maikalat sa iba ng taong may monkeypox mula sa oras na magsimula ang mga sintomas hanggang sa gumaling ang pantal, matanggal ang mga langib, at magkaroon ng bagong sapin ng balat. Karaniwan itong umaabot ng 2 hanggang 4 na linggo.

Mahalagang sundin ng mga taong may monkeypox ang Mga Tagubilin sa Pagbubukod sa mga taong may Monkeypox. Dapat silang manatili sa tahanan at malayo sa iba habang sila ay masyadong nakakahawa. Kapag natugunan na nila ang mga partikular na pamantayan, maaari silang magsimulang gumawa ng ilang partikular na aktibidad sa labas ng tahanan basta't hindi ito kinasasangkutan ng malapitang pisikal na kontak sa iba.

Ang lahat ng mga bata ay dapat manatili sa tahanan kung hinihinala silang may monkeypox hanggang sa masuri sila ng doktor at malaman ang mga kaukulang resulta ng anumang mga pagsusuring ginawa.

Ang mga batang nahawa ng monkeypox na mas bata sa 8 taong gulang ay dapat manatili sa tahanan mula sa paaralan o lugar ng alagaan ng bata hanggang sa gumaling ang lahat ng sugat sa balat at ang anumang iba pang sintomas, kabilang dito ang lagnat, ay nawala na nang hindi bababa sa 48 oras nang hindi gumagamit ng gamot na pampababa ng lagnat. Mayroong dalawang dahilan para panatilihin ang mga batang ito sa tahanan. Ang mga batang wala pang 8 taong gulang na nagkakaroon ng monkeypox ay maaaring mas malamang na magkaroon ng malalang sakit. At mas malamang na magkaroon sila ng mas direktang pisikal na kontak sa isa't isa sa pamamagitan lamang ng regular na paglalaro at interaksyon sa buong araw. Ang pagpapanatili sa mga batang wala pang 8 taong gulang sa tahanan ay maglalayo sa kanila sa kapaligiran kung saan maraming maliliit na bata ang maaaring malantad.

Ang mga batang may monkeypox na nasa edad 8 taong gulang pataas ay maaaring makapasok sa paaralan bago ang ganap na paggaling ng lahat ng mga sugat basta't ang ilang mga partikular na pamantayan ay natugunan, kabilang na ang maaaring pagtatakip sa mga sugat. Ang mga pamantayang ito ay nakalista sa Mga Tagubilin sa Pagbubukod sa mga Taong may Monkeypox. Ipinapaliwanag din ng mga tagubilin ang mga pag-iingat na kailangang sundin hanggang sa ang tao ay handa nang muling ipagpatuloy ang mga normal na aktibidad. Bago bumalik sa paaralan ang iyong anak, makikipagtulungan sa iyo ang LAC DPH sa pinakamahusay na paraan para ito magawa. Lubos na nakikipagtulungan ang DPH kung ang bata ay may monkeypox at handang magbigay ng gabay at tulong sa mga pamilya.

## Saan ako makakakuha ng bakuna sa monkeypox para sa akin o sa aking anak?

Kung ikaw o ang iyong anak ay kabilang sa isa sa mga grupo na kwalipikado para sa pagbabakuna para sa monkeypox, pumunta sa isang Lugar ng Pagbabakuna para sa Pampublikong Kalusugan (Public Health Vaccination Site) o bisitahin ang Myturn.ca.gov para makahanap ng lugar (site) na malapit sa iyo. Kapag pumunta ka sa lokasyon, maging handa na patunayan na natutugunan mo ang pamantayan sa pagiging kwalipikado para makatanggap ng bakuna sa monkeypox.

Bisitahin ang ph.lacounty.gov/monkeypox/vaccine.htm para makita kung sino ang kwalipikado para sa pagpapabakuna.